**Ngiti…Kailan Makikitang Muli**

Isinulat ni: Alaiza Marie S. Suñga

Marami ang naging pagbabago nang ang krisis ay kumalat sa mundo, mga batang dati ay masayang naghahabulan sa palaruan ngayon ay binabawalan, pinipigilan para sa kanilang kaligtasan laban sa kinatatakutang sakit, kalaban na hindi nakikita.

Kasabay ng pag-iingat ng lahat, kasama ang paaralan ay nagsara para sa regular na klase dahil ang krisis ay patuloy na kumakalat. Upang ito ay mabigyan ng solusyon, ang opisyal ng Deped at lahat ng kawani ng paaralan ay nakaisip ng makabagong paraan, gamit ang teknolohiya at ang modyul ay nagsilbing gabay ng bawat bata upang ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral at madagdagan ang kanilang kaalaman.

Hindi maitatangi ng lahat na dahil sa biglaang pagbabago marami ang nahirapan ngunit pilit lumalaban at nakikipagsabayan sa hamon ng panahon. Marami ang humihiling na sana ay matapos na ang problema na kung minsan ay nagpapahina sa bawat isa.

Lumipas ang maraming araw, naging natural na sa lahat ang ating kinakaharap na tila ba kasama na ng ating buhay ang mga bagay na dati ay di naman natin iniintindi pero ngayon ay nagsisilbing proteksyon, ganoon rin ang gamot na hindi sapilitan ay alam na kailangan ng katawan upang madagdagan ang kalakasan ng resistensya at ayon sa mga eksperto ito raw ang pinaka epektibong paraan upang unti-unti, tayo ay maging malaya at tayo ay tuluyan ng makawala sa sakit na COVID-19.

Marami ang sumang-ayon sa gamot na ibinibigay sa atin gamit ang isang maliit na karayom, ngunit may ilan naman ang kumokontra na tila nag-iisip na sila ay mapapahamak dahil sa hindi magiging magandang resulta, ang mga taong wala namang batayan ngunit nakikipaglaban na sila ay huwag turukan ng gamot na sana'y kasangkapan para rin sa kanilang kaligtasan.

Hanggang sa ang mga paaralan ay muli nang nagbukas, bawat bata ay nabigyan ng pagkakataon na matuto kasama ang kanilang mga guro, marami rin ang ipinagbabawal upang manatiling ligtas ang bawat isa at maging matagumpay ang sinisimulan nang harapang pagtuturo sa bawat bata.

Sa bawat batang isa-isang pumasok sa tarangkahan ng paaralan, natatakpan ng kapirasong tela ang kanilang mga bibig at ilong, masasabing sila ay masaya dahil sabi nga “sa mata makikita ang tunay na emosyon ng bawat tao”. Ngunit pagdating sa loob ng silid-aralan ang bawat bata ay nagiging tahimik wala ni isa ang gustong umimik, Ito kaya ay dahil may takip ang

kanilang mga bibig o baka naman dahil sa tagal ng panahon na sila ay nawalan ng pagkakataon na masubukan ang ganitong pamamaraan ay nawalan na ng lakas ng loob o marahil ay nahihiya, naninibago, bagay na sisikaping mabago sa tulong ng mga guro.

Tungkulin ng isaang guro na tulungan ang bawat mag-aaral upang maibalik ang kanilang sigla na sana ay marinig nang muli ang kanilang mga tawa at ngiti sa kanilang mga labi. Makakaya rin nating pasayahin ang kanilang mga puso upang gumaan ang kanilang loob at mabawasan ang kanilang takot hanggang sa bumalik na sa normal ang lahat, walang krisis, walang agam-agam at wala na ring kahit anong tela ang haharang sa nakangiting labi ng bawat-isa.

Lilipas ang mga araw ay magsilbing aral sa lahat ang dinanas na pandemya at lalo pa nating dagdagan ang pag-iingat at pagpapanatili ng kalinisan at pagkain ng masusustansyang pagkain upang lumakas ang katawan at malayo sa kahit anong sakit. Lahat ng ating pinagdaraanan sa ngayon ay may hangganan at tayo rin ang makakaiwas sa paraan na kayang kaya naman nating gawin. Ipagpatuloy ang nasimulan at sabay –sabay tayong maging ligtas at lahat ay magiging maginhawa…wala ng magkakasakit at mahihirapan dulot ng mapinsalang COVID-19.